# No. 18243

# PHILIPPINES
# and
# UNITED STATES OF AMERICA

## Trade Agreement (with schedules). Signed at Manila on 30 October 1979

*Authentic texts of the Agreement: English and Pilipino.*

*Authentic text of the schedules: English.*

*Registered by the Philippines on 29 January 1980.*

# PHILIPPINES
# et
# ÉTATS-UNIS D'AMÉRIQUE

## Accord commercial (avec listes). Signé à Manille le 30 octobre 1979

*Textes authentiques de l'Accord : anglais et pilipino.*

*Texte authentique des listes : anglais.*

*Enregistré par les Philippines le 29 janvier 1980.*

[PILIPINO TEXT — TEXTE PILIPINO]

# KASUNDUANG PANGKALAKAL NG PAMAHALAAN NG REPUBLIKA NG PILIPINAS AT NG PAMAHALAAN NG ESTADOS UNIDOS NG AMERIKA

Ang Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas at ang Pamahalaan ng Estados Unidos ng Amerika, sa pamamagitan ng kani-kanilang lakan-sugo, ay nagkasundo sa mga sumusunod na kaluwagan at tulong-pangkalakal sang-ayon sa balangkas ng Pahayag ng mga Ministro sa Tokyo noong ika-14 ng Setyembre, 1973, na kikilalanin sa tawag na Kasunduang Pangmaramihan sa Kalakalan.

*Artikulo I.* Ang mga bagay, sapit o gawa sa Pilipinas na tinutukoy sa Talaan I at I-A, na isinama sa kasunduang ito at ginawang bahagi nuon, batay sa mga tadhanang nakasaad dito, kapag inangkat sa Estados Unidos, ay papatawan ng bayad daungan ng hindi hihigit sa mga nakasaad sa mga nabanggit na Talaan, sa araw o pagkatapos ng araw na nakasaad doon.

*Artikulo II.* Ang mga bagay, sapit o gawa ng Estados Unidos na tinutukoy sa Talaan II at II-A, na isinama sa kasunduang ito at ginawang bahagi nito, batay sa mga tadhanang nakasaad dito, kapag inangkat sa Pilipinas ay papatawan ng bayad daungan ng hindi hihigit sa mga nakasaad sa mga nabanggit na Talaan sa araw o pagkatapos ng araw na nakasaad doon.

Ang mga kaluwagang-taripa sa mga produktong tinutukoy sa Talaan II at II-A ay tatanggapin ng Estados Unidos na tulong-taripa ng Pilipinas bilang pagsang-ayon sa Pangkalahatang Kasunduan sa Taripa at Kalakalan na isasama sa Protokol ng Pagsang-ayon.

*Artikulo III.* Ang lahat ng mga tulong-taripa na tinutukoy sa mga nabanggit na Talaan ay isasama sa Talaan ng Pangkalahatang Kasunduan sa Taripa at Kalakalan (GATT) ng bawat bansa.

*Artikulo IV.* Walang anumang hakbang ang maaring gawin o baguhin ng alinmang Pamahalaan na makakasama sa mga kaluwagang ipinagkakaloob sa mga Talaan na hindi maaayon sa mga itinatadhana ng Pangkalahatang Kasunduan sa Taripa at Kalakalan (GATT). Batid ng Estados Unidos na ang Pilipinas, bilang bahagi ng kanyang pagsang-ayon sa Pangkalahatang Kasunduan sa Taripa at Kalakalan, ay nagkaloob ng listahan ng mga produkto na hindi maaaring angkatin ng may kaluwagan.

*Artikulo V.* Anumang suliranin hinggil sa pagpapatupad ng mga kaluwagang tinutukoy sa mga Talaang nabanggit ay lulutasin sa pamamagitan ng pakikipagsanggunian at pakikipagkasunduan.

*Artikulo VI.* Ang Estados Unidos ay sumasang-ayon na muling suriin ang mga kahilingan ng Pilipinas na pagkalooban ng kaluwagang-taripa ang labi-labing tabako (TSUS-170.6020) ayon sa hinihingi ng kabuuang Kasunduan na Pangmaramihan sa Kalakalan.

*Artikulo VII.* Ang kasunduang ito ay magkakabisa matapos na ito ay lagdaan.

GAWA sa dalawang (2) orihinal na sipi, sa wikang Pilipino at wikang Ingles, bawat sipi ay parehong tama, sa Maynila, ngayong ika-30 ng Oktubre 1979.

| | |
|---|---|
| [*Signed — Signé*][1] | [*Signed — Signé*][2] |
| Para sa Republika ng Pilipinas | Para sa Estados Unidos ng Amerika |

[1] Signed by Manuel Collantes — Signé par Manuel Collantes.
[2] Signed by Richard Murphy — Signé par Richard Murphy.